Pangalan:________________________________________ Linggo: __________________

Baitang&Pangkat:__________________________________ Petsa: _____________

# SANAYANG PAPEL #2: SAMA-SAMANG PAGKILOS PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC): Natutukoy ang iba't ibang gampanin ng mamamayang Pilipino upang makatulong sa pambansang kaunlaran**

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. naiisa-isa ang mga katangian na makatutulong sa pambansang kaunlaran.;
2. nakasusulat ng isang panata na nagpapakita ng pakikiisa sa pag-unlad; at
3. nakapagpapahayag ng damdamin hinggil sa dapat taglayin ng isang mamamayan upang makatulong sa pambansang kaunlaran

## ENGGANYO

**SAMA-SAMANG PAGKILOS PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN**

Ang tao ay yaman ng isang bansa. Sila ay kabahagi sa pagkamit ng pambansang kaunlaran. Narito ang ilang mungkahi na makatutulong sa pagpapaunlad ng bansa.

1. **MAPANAGUTAN**

- **Tamang pagbabayad ng buwis**-Ang pagkakaroon ng kultura ng tamang pagbabayad ng buwis ay makatutulong upang magkaroon ang pamahalaan ng sapat na halaga na magagamit sa kanyang serbisyong panlipunan tulad ng libreng edukasyon, murang programang pangkalusugan at iba pa.
- **Makialam-**Ang mali ay labanan, ang tama ay ipaglaban. Paglaban sa anomalya at korapsyon maliit man o malaki sa lahat ng aspeto ng lipunan at sa pamamahala. Mahalagang itaguyod ng mga mamamayan ang kultura ng pagiging tapat sa pribado at pampublikong buhay.

2. **MAABILIDAD**

- **Bumuo o sumali sa kooperatiba**-Ang pagiging kasapi ng kooperatiba ay isang paraan upang magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa na maging kasapi sa paglikha ng yaman ng bansa. Ang kooperatiba ay ang pagsasama-sama ng puhunan ng mga kasapi upang magtayo ng negosyo na ang makikinabang at tatangkilik ay ang mga kasapi nito. Ang dibidendo ay ang kita na siyang paghahatian ng bawat kasapi. Ang nagpapatakbo ng kooperatiba ay pawang mga kasapi na naniniwala sa sama-samang pag-unlad.
- **Pagnenegosyo**-Hindi dapat manatiling manggagawa lamang ang mga Pilipino. Dapat nating sikapin na maging negosyante upang tunay na kontrolado ng Pilipino ang kabuhayan ng bansa at hindi ng mga dayuhan.
- **Pagtangkilik sa mga produktong Pilipino**-Ang yaman ng bansa ay nawawala tuwing tinatangkilik natin ang mga produkto ng dayuhan. Dapat nating tangkilin ang produktong sariling atin.

**3. MAKABANSA**

- **Pakikilahok sa pamamahala ng bansa-**Ang aktibong pakikilahok sa pamamahala sa barangay, gobyernong lokal at pambansang pamahalaan upang maisulong ang mga adhikain at pangangailangan ng mga Pilipino ay kailangang gawin ng bawat mamamayan upang umunlad ang bansa.
- **Pagtangkilik sa mga produktong Pilipino**-Ang yaman ng bansa ay nawawala tuwing tinatangkilik natin ang mga produkto ng dayuhan. Dapat nating tangkilin ang produktong sariling atin.

**4. MAALAM**

- **Tamang Pagboto**-Ugaliing pag-aralan ang mga programang pangkaunlaran ng mga kandidato bago pumili ng iboboto. Dapat suriin ang mga isyung pangkaunlaran ng ating bansa upang masuri kung sinong kandidato ang may malalim na kabatiran sa mga ito.
- **Pagpapatupad at pakikilahok sa mga proyektong pangkaunlaran sa komunidad-** Ang pag-unlad ay hindi magaganap kung ang pamahalaan lamang ang kikilos. Maaaring manguna ang mga mamamayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programang pangkaunlaran. Dapat mayroon tayong malasakit sa ating komunidad upang makabuo at makapagpatupad ng mga proyektong magpapaunlad sa ating komunidad.

*Sources: Department of Education, Culture and Sports (DECS), (n,d.) Project EASE Module. Pasig City, Philippines.*

## TALAB

**Panuto:** Tukuyin kung anong uri ng katangian ang ipinapahayag sa bawat bilang. Pumili ng sagot sa mga nasa ibaba at isulat ang tamang titik bilang iyong kasagutan**.**

**A. MAPANAGUTAN B. MAABILIDAD C. MAKABANSA D. MAALAM**

__________1.Pagsali sa kooperatiba.

__________2. Pagbili at pagtangkilik sa mga produktong gawa ng ating mga kababayan.

__________3. Tamang pagbili sa mga kadidatong iboboto.

__________4. Pagsunod sa tamang pagbabayad ng buwis sa pamahalaan.

__________5. Hindi nagsasawalang kibo kung may mga anomalya sa pamahalaan, komunidad o paaralan.

__________6. Pagtatatag ng negosyo.

__________7. Paglahok sa mga gawaing pambayan.

__________8. Pagkakaroon ng malasakit sa komunidad.

__________9. Hindi pagtangkilik sa produkto ng dayuhan.

__________10. Pagsuri sa proyekto ng posibleng kandidatong iboboto.

## RUBDOB

**Panuto:** Bilang mag-aaral, gumawa ng isang panata na nagpapakita ng gampanin mo sa pag-unlad ng bansa, gawin mo ito sa isang malinis na papel.

**PANATA KO**

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

*Sources: Department of Education, Culture and Sports (DECS), (n,d.) P. 356 Project EASE Module. Pasig City, Philippines*

## IRAL

**Panuto:** Bilang isang mamamayang Pilipino, sa paanong paraan ka makapag-aambag sa pag-unlad ng ating bansa? Ilahad ang iyong kasagutan gamit ang isang campaign slogan. Gamiting gabay ang rubrik sa pagsasagawa nito.

| |
|---|
| |

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| PAMANTAYAN | DESKRIPSYON | PUNTOS | NAKUHANG PUNTOS |
|---|---|---|---|
| NILALAMAN | Ang ginawang campaign slogan ay mabisang nakapanghihikayat sa mga makabababasa nito. | 20 | |
| PAGKAMALIKHAIN | Ang paggamit ng mga angkop at malalim na salita ay akma sa disenyo at biswal na presentasyon upang maging maganda ang presentasyon | 15 | |
| KAANGKUPAN SA TEMA | Angkop sa tema | 10 | |
| KALINISAN | Malinis ang pagkakagawa | 5 | |
| KABUUANG PUNTOS | | 50 | |

*References:*
Department of Education. Project EASE Module . Pasig City, Philippine

**TEACHER'S FEEDBACK**

________________________________________________

________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ____________

Baitang&Pangkat: __________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadalian akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulang (*Lagyan ng tsek ang inyong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mgapagsasanay … | | Ang akinganak ay … | |
| | Nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasagot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | Na maraming hininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | Hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |